Ang Krimen Ay Nakasasakit Sa Lahat

MAKAKATULONG KAMI

CalVCP

Programa ng California para sa Kabayaran ng Biktima

TALAAN NG NILALAMAN

Pagpapakilala sa CalVCP	2
Paghingi ng Lokal na Tulong	2
Sino ang Karapat-dapat	3
Batang Saksi	4
Paano maging Kwalipikado	4
Mga Sakop na Gastos	6
Pagbayad sa Biglang Pangangailangan	6
Paglilipat	6
Proseso ng Aplikasyon	7
Karapatan sa Pagbabayad-Pinsala	9
Karapatan na Mag-apela	10

CalVCP

MAKIPAG-ALAM sa CalVCP

Para sa karagdagang impormasyon
tumawag sa 800.777.9229
o pumunta sa calvcp.ca.gov

ANO ANG PROGRAMA PARA SA KABAYARAN NG BIKTIMA?

Itinatag noong 1965, ang Programa ng California para sa Kabayaran ng Biktima (CalVCP) ay programa ng estado na dedikado sa pagsasauli ng nagugol para sa maraming mga gastusing kaugnay ng krimen sa mga karapat-dapat na mga biktima na dumaranas ng pisikal na pinsala o banta ng pisikal na pinsala bilang direktang resulta ng marahas na krimen.

PAANO AKO MAKAKAKUHA NG LOKAL NA TULONG?

Ang mga tagataguyod ng Sentro ng Tulong para sa Biktimang Saksi sa buong estado ay deretsahang katrabaho ang CalVCP upang tulungan ang mga biktima na magsumite ng aplikasyon para sa kabayaran at pagtimunan ang sistema ng hustisyang pangkrimen.

Makipag-alam sa tagataguyod ng biktima at maghanap ng karagdagang mapagkukunan para sa biktima at mga serbisyo sa inyong lalawigan sa pamamagitan ng pagbisita sa aming pahina para sa Lokal na Tulong: **calvcp.ca.gov/localhelp.aspx**

SINO ANG KARAPAT-DAPAT PARA SA KABAYARANG PANGBIKTIMA?

Matutulungan ng CalVCP ang mga biktima ng kwalipikadong krimen tulad ng:

- Asalto
- Pang-aabuso ng Bata
- Mag-anakang Kara hasan
- Pagmamaneho ng Lasing
- Pang-aabuso ng Nakatatanda
- Krimen ng Galit o Poot
- Pagpatay sa Kapwa
- Pangangalakal ng Tao
- Online Harassment
- Pagnanakaw
- Sekswal na asalto
- Pagsubaybay ng palihim
- Pagpatay sa kapwa (pang-sa sakyan)

Matutulungan ng CalVCP ang mga kwalipikadong biktima ng krimen na naganap sa California, at mga residente ng California na nagging biktima habang bumibisita sa ibang mga estado o bansa.

Maaaring matulungan ng CalVCP ang karagdagang mga tao na naapektuhan ng krimen kasama ang mga sumusunod:

- Asawa o Domestic Partner
- Mga anak
- Mga magulang
- Mga Legal na Tagapangalaga
- Sinumang umaako ng legal o pinansyal na pananagutan para sa mga gastusin ng pumanaw na biktima
- Batang Saksi
- Mga kapatid
- Mga Lolo't Lola
- Mga apo
- Tao na nakatira sa parehong sambahayan ng biktima na hindi kukulang sa dalawang taon o sa oras ng krimen

PAANO KUNG MASAKSIHAN NG BATA ANG ISANG MARAHAS NA KRIMEN?

Ang mga bata na wala pang 18 taong gulang na nakaranas ng mga emosyonal na pinsala bilang resulta ng kanilang pagsaksi ng marahas na krimen ay maaaring maging kwalipikado para sa mga benepisyong sanggunian para sa kalusugan ng kaisipan, kahit na hindi sila kapamilya ng biktima ng krimen.

PAANO AKO MAGIGING KWALIPIKADO PARA SA KABA-YARAN PARA SA BIKTIMA?

- Iulat ang krimen sa pulis, sheriff, mga serbisyong nangangalaga sa bata, o kahit na anong ibang sangay na nagpapatupad ng batas
- Mag-apply sa CalVCP sa loob ng tatlong taon mula sa petsa nang maganap ang krimen, (para sa mga application na natanggap sa o makalipas ang Enero 1, 2013).
- Ang mga menor de edad na biktima (mas bata sa 18 taong gulang) ay maaaring mag-apply hanggang sa kanilang ika-21 na kaarawan. Para sa mga menor de edad na biktima ng sexual assault, ang application ay maaaring isumite hanggang sa kanilang ika-28 na kaarawan.
- Makatuwirang tulungan ang nagpapatupad ng batas sa panahon ng imbestigasyon at pag-uusig ng krimen.
- Tulungan ang CalVCP sa pamamagitan ng pagbigay ng kinakailangang impor masyon upang suriin ang aplikasyon at mga gastusin.
- Hindi maaaring nakasangkot sa mga pangyayari na humantong sa krimen.

ANUNG MGA GASTUSIN ANG MAAARING TULUNGANG BAYARAN NG CALVCP?

Maaaring tumulong ang CalVCP na tulungan ang mga gastusin na may kaugnayan sa krimen tulad ng:

- Medikal at pangngiping paggamot
- Mga serbisyong pangkalusugang pangkaisipan
- Kawalan ng kita
- Mga gastusin para sa paglibing at pagbaon
- Kawalan ng suporta para sa mga dependyente tuwing ang biktima ay namatay o permanenteng baldado
- Kaligtasang pantahanan
- Paglipat
- Paglilinis sa pinangyarihan ng krimen
- Mga pagbabago sa bahay o sasakyan para sa mga biktima na naging baldado
- Medikal na kagamitan

May mga limitasyon kung magkano ang maaaring bayaran para sa bawat kawalan.

ANONG MGA GASTUSIN ANG HINDI MAAARING BAYARAN NG CALVCP?

- Kahit na anung gastos na walang kinalaman sa krimen
- Kahit na anung gastos na binayaran ng seguro o ibang pinagkukunan ng pagsasauli ng nagugol o coverage
- Mga gastusin para sa nawala, ninakaw, o nasirang ari-arian
- Mga danyos para sa sakit at paghihirap

Hindi mababayaran ng CalVCP ang mga gastusin habang ang isang tao ay nasa parole, probation, nakakulong, o nasa ilalim ng superbisyon sa isang post-release na komunidad sanhi ng isang marahas na pagkakasala, nakakulong, o inuutos ng batas na magparehistro bilang isang sex offender.

PAANO KUNG KAAGAD KONG KAILANGAN NG PINANSYAL NA TULONG?

Sa ilang mga sitwasyon, maaaring bigyan ng CalVCP ang aplikante ng emerhensyang tulong na pinansyal sa loob ng 30 araw. Halimbawa, ikaw ay maaaring maging kwalipikado para sa emerhensyang tulong kung ang iyong pansariling kaligtasan ay nasa panganib at kailangan mong lumipat. Ang kinakailangang dokumentasyon ay dapat na ibigay sa napapanahong paraan.

BABAYARAN BA NG CALVCP ANG MGA GASTUSIN KO PARA SA PAGLIPAT?

Maaaring tumulong ang CalVCP sa pagbayad ng mga gastusin sa paglilipat tulad ng una at huling buwang upa, mga deposito, at pansamantalang matutuluyan kung ang bikitima ay kailangang lumipat dahil sa pansariling kaligtasan o emosyonal na kapakanan.

Makukuha ang mga pormularyo para sa paglipat sa **calvcp.ca.gov**. Maaaring tumulong ang mga lokal na tagapagtaguyod para sa biktima sa prosesong ito.

PAANO KUNG NAWALA, NINAKAW O NASIRA ANG MEDIKAL NA KAGAMITAN?

Maaaring bayaran ng CalVCP ang mga kinakailangang medikal na kagamitan tulad ng upuang de gulong (wheelchair), panlakad (walker), salamin, at mga pustiso na nawala, ninakaw, o nasira noong oras ng krimen o naging pangangailangan dahil sa krimen.

PAANO KUNG ANG KUMPANYA NG SEGURO O IBANG PINAGKUKUNAN AY MAGBAYAD PARA SA MGA GASTUSING MAY KAUGNAYAN SA KRIMEN?

Ang CalVCP ang huling dulugan para magbayad at maaari lamang isauli ang ginugol ng biktima para sa mga gastusing may kaugnayan sa krimen kung walang ibang mapagkukunan ng pansauli sa ginugol. Kung isauli ng CalVCP ang ginugol ng biktima para sa mga napinsala o nawala, ngunit may lumitaw na ibang mapagkukunan ng pondo ang biktima para sa parehong kwalipikadong insidente, may karapatan ang CalVCP na isauli sa kanila ang kanilang ginugol.

Nakikipag-ugnayan ang CalVCP sa mga kumpanya ng seguro upang matukoy kung magkano ng kuwenta ang kwalipikado para sa kabayaran. Ang mga gastusin na hindi binabayaran ng mga kumpanya ng seguro o ibang mga pinagkukunan lamang ang maaaring isaalang-alang para sa kabayaran, na maaaring kasama ang mga co-pay, deductible, at bahagi ng mga kabayaran para sa gastos.

PAANO BINABAYARAN NG CALVCP ANG AKING MGA KUWENTA O GASTUSIN?

Huling dulugan ang CalVCP at kailangang patotohanan ang lahat ng ibang pinagkukunan ng pagsauli ng ginugol.

Makikipag-ugnayan ang CalVCP sa mga tagapagtustos upang patotohanan na ang lahat ng mga kuwenta ay may kaugnayan sa krimen, ilapat ang halaga ng pagbayad, at sa karamihan ng mga kaso, bayaran ng diretso ang tagapagtustos para sa mga gastusing may kaugnayang medikal at kalusugan ng kaisipan.

Kung hindi nakapasok sa trabaho ang biktima dahilan sa pinsala mula sa krimen at nag-aaply para sa kawalan ng sahod, kakailanganin ng CalVCP ang impormasyon mula sa maypagawa at isang pahayag ng kapansanan mula sa nagkakaloob ng pangkalusugang pangangalaga. Kung nagtatrabaho para sa sarili ang biktima, kakailanganin ng CalVCP ang isinumiteng mga buwis (tax returns) para sa nakaraang dalawang taon.

Kung binayaran na ng biktima ang gastos bago nagsumite ng aplikasyon sa CalVCP, isasauli ang ginugol para sa mga ito sa lalong madaling panahon.

Kung binayaran ng CalVCP ang tagapagtustos at pinasok sa bangko ng tagapagtustos ang tseke, hindi maaaring hilingin ng tagapagtustos na magbayad pa ng karagdagang pera ang biktima patungo sa kuwentang iyon. Kung ang biktima ay hilingin na magbayad ng kahit anung pera para sa isang kuwenta na binayaran na ng programa, kailangang ipaalam sa tagapagtaguyod ng biktima, o dapat tawagan ng biktima ang CalVCP sa **800.777.9229**.

PAANO AKO MAG-AAPLY PARA SA KABAYARAN PARA SA BIKTIMA?

- Makipag-alam sa inyong lokal na Sentro ng Tulong para sa Biktimang Saksi sa: **calvcp.ca.gov/localhelp.aspx**. Makakatulong ang isang tagapagtaguyod ng biktima na kumpletuhin at isumite ang aplikasyon, at tulungan ang mga biktima na malaman ang higit tungkol sa sistema ng hustisyang pangkrimen.
- Tawagan ang CalVCP sa **800.777.9229**
- Kumuha ng aplikasyon sa **calvcp.ca.gov**
- Magpadala ng email sa CalVCP sa **info@vcgcb.ca.gov**

ANO PA ANG KAILANGANG ISUMITE KASAMA NG AKING APLIKASYON?

Kung makukuha, isang kopya ng:

- Medical insurance card
- Mga medikal na talaan kung saan nakadokumento ang mga kapansanan o sugat na dulot ng krimen, kung naaangkop
- Mga medikal, pangngipin, o pangkalusugang kaisipan na kuwenta na may tuwirang kaugnayan sa krimen
- Anumang mga resibo na nagpapatunay ng kabayaran ng mga kuwenta o gastusin na may kaugnayan sa krimen
- Buong ulat ng krimen kung makukuha

Isumite ang mga kuwenta at katanungan sa:
CalVCP
P.O. Box 3036
Sacramento, CA 95812-3036

MAAARI BA AKONG TUMANGGAP NG PAGSASAULI NA UTOS NG HUKUMAN AT TULONG MULA SA CALVCP?

Oo. Maaaring ipag-utos ng mga hukom ang pagsasauli mula sa mga nagkasala sa ngalan ng lahat ng mga biktima na dumaranas ng pinansyal na pagkawala dahil sa isang krimen. Gugustuhin ng mga biktima na makatrabaho ang kanilang tag-apagtaguyod ng biktima, deputy district attorney, at/o opisina ng probasyon ng lalawigan upang magsumite ng mga gastusing may kaugnayan sa krimen upang maipag-utos ng hukom ang pagsasauli.

May dalawang uri ng pagsasauli: mga utos at mga multa. Ang multa ay isang halaga, pinapasyahan ng uri ng krimen na ginawa, na kailangang bayaran ng nagkasala bilang kaniyang utang sa lipunan. Ang mga krimen tulad ng pagpatay sa kapwa, paratang na may kinalaman sa ipinagbabawal na gamot, sekswal na asalto, at pandukot (kidnapping) ay napapailalim sa felony na multang pagsasauli mula $200 hanggang $10,000. Diretsong pumupunta ang mga multa sa Pondo ng Pagsasauli ng Estado (Restitution Fund) upang tustusan ang pagsasauli sa nagugol ng biktima.

Ang isang utos ay ang halaga na pinasyahan ng hukom, kasama ang tulong mula sa biktima at tagausig, na siyang babayaran ng tuwiran sa biktima o pamilya para sa tunay na halaga ng krimen. Kung ang may sala ay nahatulan, ang hukuman ay dapat magpalabas ng utos ng pagsasauli na nag-aatas sa kanilang bayaran ang biktima para sa tunay na pinansyal na pagkawala dala ng krimen.

Kadalasan, ang mga biktima ay mayroong mga gastusin mula sa krimen na nangangailangan ng kabayaran bago makuha ang pagsasauli mula sa mga may sala. Maaaring magbigay ng pinansyal na tulong ang CalVCP para sa mga kwalipikadong gastusin hanggang makuha ang pagsasauli, kung saan kailangang bayaran ang CalVCP.

MAY KARAPATAN BA AKONG MAG-APILA?

Oo, kung hindi ka sang-ayon sa rekomendasyon na tanggihan ang pagiging karapat-dapat o isang gastusin, maaari kang maghain ng apela sa loob ng 45 na araw. Hindi mo kailangan ng abogado uapng maghain ng apela. Para sa karagdagang impormasyon, makipunta kayo sa aming website **calvcp.ca.gov** o tumawag sa **800.777.9229**.

PAGIGING LIHIM NG MGA KAHILINGAN

Ang lahat ng mga kahilingan na isinumite sa CalVCP ay lihim, maliban kung pinag-uutos ng batas. Ibinubunyag lamang ng CalVCP ang impormasyon ng biktima kung may nakasulat na pahintulot. Kung ang biktima ay isang bata o may sapat na gulang na may kapansanan, ang nakasulat na pahintulot ay dapat manggaling sa isang magulang, tagapangalaga, o ibang taong legal na awtorisadong katawanin ang biktima.

CalVCP

Programa ng California para sa Kabayaran ng Biktima

P.O. Box 3036
Sacramento, CA 95812-3036

800.777.9229
info@vcgcb.ca.gov
calvcp.ca.gov

Ang lahat ng wika ay tinutulungan. Sa mga bingi at mahina ang pandinig: Maaaring tumawag sa California Relay Services sa 711.

rev. 4.12.2016

Ang dokumentong ito ay nilikha ng CalVCP sa ilalim ng 2014-VF-GX-K012, na binigay ng Office for Victims of Crime, Office of Justice Programs, U.S. Department of Justice. Ang mga opinyon, natuklasan at konklusyon na ipinapahayag sa dokumentong ito ay mula sa mga contributor at hindi ganap na kumakatawan sa opisyal na mga patakaran ng U.S. Department of Justice.